

Seksyon 3 - Paano kumuha ng pangangalaga

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyong pagpapahintulot sa menor de edad

Maaari lang ninyong makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang wala ang pahintulot ng inyong magulang o tagapag-alaga kung kayo ay 12 taong gulang o mas matanda:

- Pang-outpatient na pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa (menor de edad 12 taon o mas matanda):
 - Seksuwal na pang-aabuso (walang mas mababang limit sa edad)
 - Pakikiapid sa kamag-anak
 - Pisikal na pananakit
 - Pang-aabuso sa bata
 - Kapag mayroon kayong mga saloobin ng pananakit sa inyong sarili o sa iba (mga menor de edad 12 taon o mas matanda)
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas/pagsusuri/paggamot sa mga impeksiyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Mga serbisyong paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya (mga menor de edad 12 taon o mas matanda). Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyong paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya” sa handbook na ito.

Kung kayo ay wala pang 18 taong gulang, maaari kayong pumunta sa isang doktor nang walang pahintulot mula sa inyong mga magulang o tagapag-alaga para sa mga uring ito ng pangangalaga:

- Pagbubuntis
- Pagpapalano ng pamilya/pagkontrol ng pagbubuntis
- Mga serbisyo para sa aborsyon

Para sa pagsusuri kung buntis, mga serbisyong pagpapalano ng pamilya, pagkontrol ng pagbubuntis, o mga serbisyo para sa impeksiyong naipapasa sa pakikipagtalik, hindi kailangang maging bahagi ang doktor o klinika ng PHC network. Maaari kayong pumili ng alinmang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaaring hindi saklawin ang mga serbisyong mula sa isang provider na wala sa network na walang kaugnayan sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghanap ng isang doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), maaari kayong tumawag sa (800) 863-4155 (TTY/TDD: (800) 735- 2929 o 711).

Maaaring makipag-usap nang pribado ang mga menor de edad sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na (866) 778- 8873.

Seksyon 4 – Mga benepisyo at serbisyo

Ano ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan

Ipinaliliwanag ng kabanatang ito ang inyong mga saklaw na serbisyo bilang miyembro ng PHC. Libre ang inyong mga saklaw na serbisyo hangga't ang mga ito ay kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan at ibinibigay ng isang provider na nasa network. Dapat kayong humingi sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung wala sa network ang pangangalaga maliban sa mga serbisyong sensitibo, pang-emergency at ilang serbisyong agarang pangangalaga. Maaaring saklawin ng inyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan mula sa isang provider na wala sa network. Pero dapat kayong humingi sa PHC ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para dito. Makatwiran at kinakailangan ang mga serbisyong kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan upang protektahan ang inyong buhay, ilayo kayo mula sa pagiging malubhang maysakit o may kapansanan, o bawasan ang matinding kirot mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pang edad na 21, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na kinakailangan dahil sa medikal na kalagayan upang ayusin o tulungang mapaginhawa ang isang pisikal o mental na sakit o kondisyon. Para sa marami pang detalye tungkol sa inyong mga saklaw na serbisyo, tumawag sa (800) 863- 4155 (TTY (800) 735- 2929 o 711).

Makakukuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Basahin ang Kabanata 5: Pangangalaga sa bata at kabataang walang sakit para sa karagdagang impormasyon.

Nakalista sa ibaba ang ilan sa pangunahing benepisyo sa kalusugan na inihahandog ng PHC . Maaaring kailangan ng paunang pag-apruba ang mga benepisong may star (*).

- Acupuncture*
- Mga terapi at serbisyo sa bahay para sa biglaan at malubhang kalusugan (panandaliang paggamot)
- Mga pagpapabakuna (iniksyon) para sa nasa hustong gulang
- Pagsusuri ng allergy at mga iniksyon*
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist*
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali*
- Rehabilitasyon ng puso*
- Mga serbisyong chiropractic*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Pagsusuri ng kalusugang pangkaalaman
- Mga serbisyo ng health worker sa komunidad
- Mga serbisyong dialysis/hemodialysis
- Matibay na kagamitang medikal (DME)*
- Mga pagbisita sa emergency room
- Mga pagbisita at pagpapayo sa opisina para sa pagpapalano ng pamilya (maaari kayong pumunta sa isang provider na hindi kasali)
- Mga serbisyo at device na panghabilitasyon*
- Mga hearing aid*
- Pangangalaga sa kalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa hospisyo*
- Inpatient na medikal na pangangalaga at operasyon*
- Laboratoryo at radiology*
- Mga pangmatagalang terapi at serbisyo sa kalusugan sa bahay*
- Pangangalaga sa buntis at sa bagong silang na sanggol
- Transplant ng pangunahing organ*
- Occupational therapy*
- Orthotics/prostheses*
- Mga supply na ostomy at urological*
- Mga serbisyo ng ospital sa outpatient*
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip na pang-outpatient
- Operasyon na outpatient*
- Pangangalaga na pampakalma*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pediatric na serbisyo
- Physical therapy*
- Mga serbisyong podiatry*
- Rehabilitasyon ng baga*
- Rapid Whole Genome Sequencing*
- Mga serbisyo at device na pangrehabilitasyon*
- Mga serbisyong may kasanayang pagkalinga*
- Mga pagbisita sa espesyalista*
- Speech therapy*
- Mga serbisyong operasyon*
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kababaihan

Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng PHC

Mga serbisyong outpatient (ambulatory)

Mga pagsusuri ng kalusugang pangkaalaman

Sinasaklaw ng PHC ang isang taunang maikling pagsusuri ng kalusugang pangkaalaman para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda, at hindi kuwalipikado para sa isang katulad na pagsusuri bilang bahagi ng taunang pagbisita para sa wellness sa ilalim ng Programang Medicare. Tinitingnan ng pagsusuri ng kalusugang pangkaalaman ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o dementia.